Mensahe Lima

## Tumutugon sa Pagtawag ng Diyos upang maging ang Kanyang Pampanahunang Instrumento, ang Kanyang mga Mandaraig, upang Ibaling ang Kapanahunan

Babasahin sa Kasulatan: Dan. 1:4-9; 2:17-19; 4:25-26, 32; 6:10-11; 9:1-4, 23; 10:11, 19; 11:32b; 12:3

**I. Sa tuwing ang Diyos ay magnanais ng isang pampanahunang pagkilos, isang nagbabaling ng panahon na pagkilos, dapat Siyang makatamo ng Kanyang pampanahunang instrumento; dapat tayong maging mga may pampanahunang halaga sa Diyos—Apoc. 12:5-11; 1:20; Dan. 12:3; Mat. 13:43:**

A. Kailangan nating isaalang-alang kung ano ang ginagawa natin upang dalhin papasok ang susunod na kapanahunan; ito ay isang espesyal na panahon, kaya't may pangangailangan sa mga espesyal na Kristiyano upang gumawa ng isang espesyal na gawain—16:18; Apoc. 19:7; 1 Cor. 1:9; Apoc. 2:4-7; Col. 1:18b; Juan 17:21; 1 Cor. 14:4b; Efe. 4:16; Col. 2:19.

B. Ang prinsipyo ng pagbabawi ng Panginoon ay makikita kina Daniel ("ang Diyos ang aking hukom"), Ananias ("si Jah ay mabiyayang nagbigay," o "pinaboran ni Jah"), Misael ("Sino ang kung ano ang Diyos?"), at Azarias ("si Jah ay tumulong"); "si Daniel at ang kanyang mga kasamahan" ay lubusang kaisa ng Diyos sa kanilang tagumpay sa mga pakanâ ni Satanas; sila ay mga tao na nagbaling ng kapanahunan ng pagkabihag ng bayan ng Diyos tungo sa kapanahunan ng kanilang pagbabalik sa lupain ni Immanuel para sa pagtatayo ng bahay ng Diyos at ng lunsod ng Diyos para sa kahayagan at awtoridad ng Diyos—Dan. 2:13, 17; Isa. 8:8; cf. Apoc. 17:14:

1. Sa paningin ng Diyos, ang isang mandaraig ay isang "tao ng kahalagahan," maging "kahalagahan mismo," isang tao na magagamit ng Diyos upang ibaling ang kapanahunan—1 Ped. 2:7; Dan. 9:23; 10:11, 19.
2. Si Kristo bilang ang bukod-tanging Mandaraig ay nagpapaloob ng lahat ng mga mandaraig; ang bukod-tanging Mandaraig ay nananahan sa ating espiritu upang gawin tayong Kanyang mga mandaraig—Juan 14:30; Dan. 2:34-35; Apoc. 19:7-21; 1 Juan 5:4, 18-19; Apoc. 3:21.

C. Kailangan ng Panginoon na magbangon ng mga taong magbabaling ng kapanahunan para sa pagbabawi ng kahayagan at awtoridad ng Diyos; sa gitna ng natisod na sangkatauhan ang kahayagan ng Diyos ay nawasak at ang Kanyang awtoridad ay tinanggihan; si Daniel at ang kanyang mga kasamahan ay tunay na hinayaan ang Diyos na maihayag sa pamamagitan nila at tunay na napailalim sa awtoridad ng Diyos—Gen. 1:26; Dan. 3:14-30; 4:17, 26; Apoc. 22:1-2.

**II. Si Daniel ay may mga kasamahan na lubusang naialay sa Diyos at naibukod tungo sa Diyos mula sa kapanahunan na sumusunod kay Satanas—Dan. 1:4-8; 5:12, 22; 6:10:**

A. Lahat ng mga ginamit ng Diyos upang ibaling ang kapanahunan ay mga Nazareo—boluntaryong naialay na lubusan at sukdulang napabanal sa Diyos—Blg. 6:1-8, 22-27; Aw. 110:3; Lucas 9:62; Fil. 3:13-14.

B. Bagamat si Daniel at ang kanyang mga kasamahan ay napakabata pa, sila ay tumayo bilang isang kontrang-patotoo, katulad sa paraang ginawa ni Antipas sa ekklesia sa Pergamos—Apoc. 2:13.

**III. Inihugpong ni Daniel ang kanyang sarili sa kanaisan ng Diyos sa pamamagitan ng Salita ng Diyos—Dan. 9:1-4; Deut. 17:18-20; 2 Tim. 3:16-17; Efe. 6:17-18; Aw. 119:11, 24:**

A. Si Daniel ay hindi lamang isang tao na regular na nagbasa ng Salita ng Diyos bagkus isa ring tao na inihugpong sa Salita ng Diyos:

1. Nang mabasa ni Daniel mula sa aklat ni Jeremias na itinalaga ng Diyos ang pitumpung taon ng pagkabihag para sa mga Israelita at pagkatapos ng pitumpung taon ay babaling ang Diyos upang pagpalain sila, kaagad siyang nag-ayuno at nanalangin; nang kanyang mahipo ang kanaisan ng Diyos sa pamamagitan ng Salita, inihugpong niya ang kanyang sarili sa kanaisang iyon—Dan. 9:2-3.

2. Matapos mabasa ni Daniel ang aklat ng Levitico, hindi na niya maaaring kainin ang mga maruming pagkain (Dan. 1:8-21); matapos niyang mabasa ang aklat ni Jeremias, wala na siyang magawa kundi ang mag-ayuno at manalangin para sa pagpapanauli ng bayan ng Diyos (29:10-14).

B. Dapat nating basahin ang Salita ng Diyos sa isang espiritu at atmospero ng panalangin at hipuin ang kanaisan ng Diyos mula sa Kanyang Salita; pagkatapos dapat nating kaagad na ihugpong ang ating mga sarili sa kanaisang iyon; dapat maapektuhan ng Bibliya ang ating pamumuhay, at dapat tayong maihugpong sa Bibliya—cf. Aw. 119:11, 15-16, 133, 140; 2 Cor. 6:14-18.

**IV. Si Daniel ay isang tao ng panalangin na may isang ekselenteng espiritu, isang tao na namumuhay sa ilalim ng pamumuno ng Diyos sa realidad ng kaharian ng mga kalangitan, ang pamumuno ng mga kalangitan—Dan. 2:17-19, 28; 6:10; 9:1-4, 17; 5:12, 14; 6:3; 5:22-23; 4:25-26, 32:**

A. Ang sentro ng Daniel 6 ay ang panalangin ng para sa pagsasagawa ng ekonomiya ng Diyos; ang mga panalangin ng tao ay gaya ng mga riles na nagbibigay daan upang magpatuloy ang pagkilos ng Diyos; walang ibang daan upang dalhin ang ekonomiya ng Diyos tungo sa kapuspusan at sa katuparan maliban sa panalangin; ito ang panloob na sikreto ng kapitulong ito.

B. Ang pinakamataas na kahayagan ng isang tao na nakikikoopera sa Diyos ay sa panalangin; isinasagawa ng Diyos ang Kanyang ekonomiya sa lupa sa pamamagitan ng Kanyang mga tapat na daluyan ng panalangin—Mat. 26:41; Gawa 6:4; Efe. 6:17-18; Col. 4:2.

C. Ang panalangin ay ang linyang-buhay sa pagbabawi ng Panginoon; lalong tinatangka ni Satanas na gambalain ang ating panalangin, lalo tayong dapat manalangin—Dan. 6:10, cf. bb. 4-9:

1. Si Daniel ay isang tao na namumuhay sa harap ng Diyos; siya ay dumepende sa panalangin upang gawin kung ano ang hindi magawa ng tao, at siya ay dumepende sa pananlangin upang maunawaan kung ano ang hindi maunawaan ng tao—2:17-19; 9:1-4; 10:1-3, 11-13.
2. Ang panalangin ni Daniel ay lubusang para sa Diyos at hindi para sa kanyang sarili; sa pamamagitan ng panalangin binigyan niya ang Diyos ng pinakamataas na kooperasyon—9:2b; Jer. 25:11; Dan. 9:17; 1 Hari 8:48.
3. Sapagkat si Daniel ay isang tao ng panalangin, siya ay kinilala ng Diyos, naging kuwalipikado upang gamitin ng Diyos, at may kakayahang salitain ang hiwaga ng Diyos—cf. Gawa 6:4.
4. Ang panalangin ni Daniel ay umabot sa pinakamataas na tuktok; hiniling niya sa Diyos na gumawa ng isang bagay para sa Kanyang sarili; siya ay nanalangin, "Ngayon dinggin Mo, O aming Diyos, ang panalangin ng Iyong lingkod at ang kanyang pagsusumamo, at sanhiin Mo na magliwanag ang Iyong mukha sa Iyong santuwaryo na napabayaan, <u>para sa kapakanan ng Panginoon</u>"—Dan. 9:17.
5. Tanging ang tao na gaya ni Daniel, na nanalangin sa Diyos nang taos-puso kalakip ang nagbabaling ng kapanahunang panalangin, ang maaari Niyang gamitin Niya upang ibaling ang kapanahunan.

**V. Si Daniel ay isang taong nagsasakripisyo ng sarili kalakip ang espiritu ng pagkamartir—6:10-11:**

A. Ang mga kasamahan ni Daniel ay may isang tunay na espiritu ng pagkamartir; sila ay tumayo para sa Panginoon bilang ang namumukod tanging Diyos at laban sa pagsamba sa diyus-diyosan kapalit ang kanilang mga buhay, na sa utos ni Nabucodonossor ay inihagis sa naglalagablab na pugôn—3:19-23.

B. Si Daniel ay nanalangin na nanganganib ang kanyang buhay; ang intensyon ng mga punong ministro at mga satrapa ay ang puksain si Daniel, subalit ang intensyon ni Satanas, na nasa likuran nila, ay ang putulin ang daluyan ng panalangin na ginagamit ng Diyos para sa pagsasakatuparan ng Kanyang ekonomiya—6:4-24.

C. Bawa't isa na ginagamit ng Diyos upang ibaling ang kapanahunan ay takôt lamang sa isang bagay, yaon ay, ang masaktan ang Diyos at ang maiwala ang Kanyang presensya—3:17-18; 2 Cor. 5:9-10; cf. Aw. 51:11; Jos. 7:4.

**VI. Upang maging mga ngayong mandaraig bilang pampanahunang instrumento ng Diyos na magbabaling ng kapanahuan, dapat nating tubusin ang panahon; sinasabi ng Colosas 4:5, "Tinutubos ang panahon," at sinasabi ng Efeso 5:16, "Tinutubos ang panahon":**

A. Maaaring isalin ang salitang *panahon* sa mga talatang ito na tinutubos ang "pagkakataon"; tayo na mga natututong maglingkod sa Panginoon ay hindi dapat magbigay ng damdamin sa Ulo na tayo ay mapurol sa Kanyang direksyon at manhid sa Kanyang pangunguna; kailangan nating hayaan ang Panginoon na sanayin ang ating espirituwal na pandama at ating espirtuwal na paningin upang madama ang mga pagkakataon kailanman ang mga ito ay dumarating at samantalahin ang mga ito.

B. Sa mga araw na itinalaga ng Panginoon para sa atin, marahil kahapon ang pinakadakilang araw ng ating buhay, subalit maaaring ipinamuhay natin ang kahapon sa isang pangkaraniwang paraan; ito ang kahulugan ng maiwala ang pagkakataon; walang araw ang hindi isinaayos ng Diyos para sa atin.

C. Marahil binigyan tayo ng Panginoon ng isang kaisipan na dapat nating hanapin ang isang tao na malamang ay may potensyal na maging kagamit-gamit sa Panginoon (cf. Gawa 9:10-19; 22:12-16), subalit sa araw na iyon tayo ay hindi humayo, sapagkat nag-aalala tayo na ang panahon ay napakainit, at tayo ay lubhang tinatamad.

D. Isang araw tayo ay haharap sa Panginoon; marahil manghihinayang tayo sa mga bagay sa ating buhay na ngayon ay naggawad sa atin ng kasiyahan; maraming beses tayo ay kapos sa kalooban ng Diyos at kumilos nang may kamangmangan; hindi tayo naging tapat upang ipamuhay si Kristo, upang palaguin si Kristo, upang ihayag si Kristo, at upang palaganapin si Kristo sa bawat paraan para sa pagtatayo ng Kanyang Katawan—2 Cor. 5:10; Mat. 25:21-23, 25-26, 30; Col. 1:9-10; Mat. 7:26; 25:2-3, 8.

E. Sinasabi ng Daniel 11:32b, "Ang mga tao na nakikilala ang kanilang Diyos ay magpapakita ng kalakasan at kikilos"; ito ay nangangahulugan na ang bayan ng Diyos ay magbubukas ng mga bagong kapaligiran; lalo nating nalalaman ang kalooban ng Diyos, lalo nating susunggaban ang mga pagkakataon; yaong mga nakakaalam sa Diyos ay hindi kailanman mamumuhay sa isang kinagawiang paraan araw kada araw—cf. Deut. 4:25 at talababa.

F. "Nakita natin kung paano pinagpala ng Diyos ang gawain ni Brother Witness. Ang kanyang malakas na punto ay yaong hindi niya pinalalampas ang anumang pagkakataon. Mahirap masumpungan na kanyang pinalampas ang anumang pagkakataon. Kapag lumitaw ang pagkakataon, sasamantalahin niya ito"—pagsasalita ni Brother Watchman Nee noong Hulyo 19, 1950 (*The Collected Works of Watchman Nee,* vol. 55, p. 199).

G. Kung ang ating paglilingkod ay ayon sa kalooban ng Diyos, ang isang araw ay magiging katumbas ng maraming araw, subalit ang mga araw na ginugol sa labas ng kalooban ng Diyos ay hindi maibibilang; sa labas ng kaharian ng Diyos, walang tao ang gagamitin ng Diyos (Mat. 20:6-7); si Nabucodonossor ay masaya sa kanyang sariling gawain (Dan. 4:30, 37b)—ito ang prinsipyo ng Babilonia.

H. Gayunpaman, salamat sa Panginoon sa Kanyang salita ng pag-aliw, ang mga salita sa Joel 2:25—ang mga taon na kinain ng mga balang ay mapapanauli sa atin; kung sasayangin natin ang mga araw natin, ang sampung taon ay maaaring maging katumbas ng isang araw, subali't kung tutubusin natin ang panahon, ang isang araw ay maaaring maging katumbas ng sampung taon.

I. Sinasabi ng Awit 90:12, "Turuan Mo kami na bilangin ang aming mga araw / Upang matamo namin ang isang puso ng karunungan," at sinasabi ng 84:10, "Isang araw sa Iyong bakuran ay

mas mainam kaysa sa isang libo"; ang mga araw sa kalangitan ay hindi binibilang ng beinte kwatro oras; ang Diyos ay may naiibang paraan sa pagbilang ng mga araw.

**VII. Ngayon ang daan upang maging masigla ay ang tumugon sa pagtawag ng Panginoon upang maging isang mandaraig; ang isang mandaraig ay isang masiglang tao, at ang isang masiglang tao (isa na buhây at aktibo) ay isang taong nananalangin—119:88, 159; Dan. 11:32b:**

A. Ang ating intensyon sa pagbubuo ng mga bagong grupo ay ang magkaroon ng mga grupo ng mga mandaraig; ito ang dahilan na ang mga grupo ay tinatawag na "mga masiglang grupo"; ang full-time training ay para din sa pagbubunga ng mga mandaraig, yaong mga desperado upang daigin ang kamatayan ng Sardis (Apoc. 3:1), ang pagkamalahininga ng Laodicea (bb. 15-16), at ang pagiging walang bunga na tinuos ng Panginoon sa Juan 15 hinggil sa puno ng ubas at ang mga sanga (bb. 1-8, 16).

B. Kung tayo ay magiging masigla, kailangan nating magtaglay ng malapit, matalik, at masinsinang salamuha sa Panginoon at sa mga naghahanap na banal; kailangan natin ang Panginoon na dalhin tayo sa ilang kasamahan, na makakasama nating magpagal, gaya ni Daniel na mayroong tatlong kasamahan—Dan. 1:6.

C. Sa loob ng buhay ekklesia ngayon (na sinagisag ng Herusalem), dapat tayong maging mga mandaraig ng Panginoon (na sinagisag ng Zion); ito ang mapasa kapanahunan ng mga mandaraig ayon sa pagtawag ng Panginoon (Apoc. 2:7, 11, 17, 26-28; 3:5, 12, 20-21; 21:7); isang bagay ang mapasa loob ng ekklesia, subalit isa pang bagay ang maging mandaraig sa loob ng buhay ekklesia (14:1-5).

D. Kailangan tayong magpasya na maging mga mandaraig, ang mga masigla; ang isang mandaraig ay isa na dumadaig sa anumang bagay na humahalili kay Kristo o laban kay Kristo—Huk. 5:15-16; 1 Juan 2:18-20, 27.

**VIII. Bilang mga ngayong mandaraig, dapat tayong maging gaya ng mga anak ni Issachar, "mga tao na nakakaunawa sa mga panahon upang kanilang malaman kung ano ang gagawin ng Israel" (1 Cron. 12:32a); tingnan ang kaugnay na karanasan ni Brother Lee sa susunod na pahina.**

**Sa bisperas ng pagpapanauli sa Chefoo, nang sinalakay ng mga Hapones ang China at namuhay sa China, na dati nang mahirap, at naging mas mahirap, sumulat si Brother Lee ng sumusunod sa kanyang personal na talâ sa Chefoo, 1942:**

> **Ang mga tao sa lupa ay dumaranas ng kalamidad, at ang mga ekklesia ay nasa kahirapan; hindi ito ang kapanahunan ng kanaisan ng puso ng Diyos bagkus ang kapanahunan ng mga pamamaraan ng Diyos. Ginagamit ng Diyos ang Kanyang mga pamamaraan upang isakatuparan ang kanaisan ng Kanyang puso. Upang ibaling mula sa kapahanuhan ng mga pamamaraan tungo sa kapanahunan ng kanaisan ng puso ng Diyos, ang tao ay dapat manalangin ng nagbabaling ng kapanahunang panalangin. Si Daniel ay gayong isang tao.**
>
> **Ang lupa ay dumaranas ng mga kalamidad sapagkat ang mga tao sa lupa ay hindi nagnanais sa Diyos at hindi nangangalaga sa mga bagay-bagay ng Diyos. Samakatuwid, kung ang mga banal ay mananalangin upang wakasan ang panahon ng mga kalamidad, dapat nilang tugunan ang mga kahilingan ng Diyos at ang Kanyang mga pangangailangan. Oh! Ang maraming kalamidad na ito ngayon ay dapat gumising sa atin upang huwag nang mabuhay tungo sa lupa! Oh! Ngayon dapat nating tunay na ialay ang ating mga sarili upang tugunan ang mga kahilingan ng Diyos alang-alang sa ekklesia upang mgakaroon ng daan ang Diyos na pumasok at ibaling ang kapanahunang ito ng mga pamamaraan tungo sa kapanahunan ng kanaisan ng Kanyang puso. (*The Collected Works of Witness Lee, 1932–1949,* vol. 2, p. 27)**